PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 4, Issue 1 (2025)

# Ideologies reflected in editorial cartoons about the state of the nation addresses (SONA) of President Rodrigo Roa Duterte: a semiotic analysis

Dominador, Jr. B. Maquillan
Davao del Sur State College
Digos City, Davao del Sur
Email: maquillandom@gmail.com

**Abstract:** This study aimed to analyze the ideologies reflected in editorial cartoons about the State of the Nation Addresses (SONAs) of President Rodrigo Roa Duterte. A qualitative research design using a descriptive approach was employed, as each editorial cartoon was examined to identify the ideologies embedded within them. A total of fourteen (14) editorial cartoons were analyzed, selected through purposive-convenient sampling. These cartoons were sourced from the official websites of the Philippine Daily Inquirer and The Philippine Star from 2016 to 2020 and were published within a week after the annual SONA. The findings revealed that the dominant ideologies present in the analyzed editorial cartoons primarily revolved around social issues such as illegal drugs, crime, corruption, peace and order, poverty, territorial disputes, trust in the administration, and the COVID-19 pandemic.

Keywords: Editorial Cartoons, Ideologies, Semiotic Analysis

Date Submitted: November 19, 2024
Date Accepted: December 29, 2024
Date Published: February 12, 2025

# Mga Ideolohiyang Masasalamin sa mga Kartung Editoryal tungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte: Isang Semayotikong Pagsusuri

Dominador, Jr. B. Maquillan
Davao del Sur State College
Digos City, Davao del Sur
Email: maquillandom@gmail.com

**Abstrak**: Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga ideolohiyang masasalamin sa mga kartung editoryal sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Ginamit ang disenyong kwalitatibo sa paraang deskriptibo sapagkat isa-isang sinuri ang mga ideolohiyang masasalamin sa ginamit na mga kartung editoryal. Ang mga kartung editoryal na sinuri na may kabuuang labing-apat (14) batay sa purposive-convenient sampling sa paraan ng pagpili. Ito ay nagmula sa opisyal na website ng mga pahayagang Philippine Daily Inquirer at The Philippine Star mula taong 2016 hanggang 2020 na nailathala sa loob ng isang linggo pagkatapos maisagawa ang mga taunang SONA. Lumabas na ang mga pangunahing ideolohiya sa mga sinuring kartung editoryal ay karaniwang patungkol sa mga isyung panlipunan tulad ng isyu sa ilegal na droga, krimen, katiwalian, isyu sa kapayapaan, kahirapan, agawan sa teritoryo, isyu sa tiwala sa administrasyon, at isyu sa pandemyang dulot ng covid-19.

Keywords: Kartung editoryal, Ideolohiya, Semayotikong pagsusuri

Date Submitted: November 19, 2024
Date Accepted: December 29, 2024
Date Published: February 12, 2025

## INTRODUKSIYON

Ang mga pahayagan ang isa sa mga karaniwang pinagkukunan ng mga lihitimong impormasyon tungkol sa mga kaganapang nangyayari sa lipunan (Cana, 2012). Isa na nga sa inaabangang bahagi ng mga mambabasa sa mga pahayagan na kapupulutan ng mga mahahalagang impormasyon sa kakaibang paraan ay ang mga kartung editoryal nito. Ang kartung editoryal o tinatawag ding politikal kartun ang pinakamakapangyarihan, pinakaepektibo, at pinakamaaasahang tagapukaw ng atensyon ng mga mambabasa ng mga pahayagan. Ito ay dahil umano sa mga simbolong makikita rito upang itampok at bigyan ng representasyon ang mga isyu, opinyon, o mga napapanahong pangyayaring nagaganap sa lipunan (Loguibis, 2009).

Kaugnay nito, ilan sa mga tampok at inaabangang mga pangyayari na karaniwang ginagawaan ng mga kartung editoryal upang ilathala sa mga pahayagan na tunay na kakikitaan ng iba't ibang isyung panlipunan ay ang mga tampok sa taunang State of the Nation Address (SONA) ng pangulo ng bansa. Halimbawa nito ay sa tuwing isinasagawa ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang kaniyang taunang SONA bilang pangulo ng bansang Pilipinas na kung saan dito inilalahad ng pangulo ang kaniyang mga plano at mga pangako para sa bayan at sa mga mamamayang Pilipino. Sa katunayan, ang mga kartung editoryal na ito ay tunay na kakikitaan ng iba't ibang mga simbolo na ginagamit ng mga dyornalista upang ipahiwatig ang mga isyu, konsepto, at mga opinyong nangingibabaw sa naturang mga SONA. Sa mga pagkakataong ito, karaniwang dito lumalabas ang iba't ibang mga mahahalagang usapin tulad ng mga isyung kinasasangkutan ng bansa o lipunan na kung saan ang mga usaping ito ay karaniwang masasalamin sa mga kartung editoryal na kinakailangang maunawaan ng bawat mamamayan. Kaya naman, napakahalagang pag-aralan ang mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte upang mahimay at mabigyan ng angkop na interpretasyon ang mga larawan para sa agarang pag-unawa ng mamamayang Pilipino.

Dahil sa matinding pangangailangang ito, ang mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang napiling pag-aralan ng mananaliksik na tiyak na makapag-aambag sa paglalatag ng mahahalaga at napapanahong mga impormasyong tiyak na magagamit sa larangan ng edukasyon na mapakikinabangan ng mga mag-aaral, guro, magulang, at lahat ng mamamayan sa pagpapalawak ng kamalayang panlipunan.

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng Pag-aaral*

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kwalitatibo sa paraang deskriptibo. Sinuri sa pag-aaral ang mga simbolong nakapaloob sa mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte upang makapaglahad ng mga kaugnay at napapanahong impormasyon at mga kaalaman sa mga ideolohiyang masasalamin tulad ng mga isyu, opinyon, at iba pang mga konsepto sa ginamit na mga kartung editoryal.

*Paraan ng Pangangalap ng mga Datos*

Upang makalap ang mga kakailanganin at mga kaugnay na datos sa pag-aaral ay isa-isang sinuri ng mananaliksik ang mga simbolong nakapaloob sa kabuuang imahe ng bawat kartung editoryal na ginamit.

Mula sa mga simbolong natukoy sa bawat imahe ng mga kartung editoryal na ginamit sa pag-aaral ay isa-isa namang tinukoy ang mga kahulugan nito upang masuri ang mga ideolohiyang masasalamin dito. Bahagi ng pagsuri sa mga ideolohiyang masasalamin sa mga kartung editoryal na ito ang pagtukoy sa mga isyu, opinyon, at mga konseptong ipinapahiwatig nito.

*Paraan sa Pagsusuri ng mga Datos*

Upang maanalisa nang mabisa at maayos ang mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay pinagbatayan ng mananaliksik ang kabuuang konsepto ng signifier (simbolo) at signified (sinisimbolo) ni Saussure (1959) na inilahad ni Lanir (2019).

Sa pag-aaral na ito, tinukoy ng mananaliksik ang mga simbolo (signifier) na makikita sa ginamit na mga kartung editoryal. Mula sa natukoy na mga simbolo ay tinukoy naman ang mga nakakubling kahulugan o mga sinisimbolo (signified) ng mga ito. Kaugnay nito, sinuri naman ang mga ideolohiyang masasalamin dito. Saklaw sa pagsuri sa mga ideolohiyang masasalamin sa mga kartung editoryal na ito ang pagtukoy sa mga isyu, opinyon, at mga konseptong ipinapahiwatig sa kabuuang imahe ng mga ito na nakabatay sa konsepto ng thematic analysis. Ang thematic analysis ayon kay Caulfield (2020) ay isang metodo sa pagsusuri sa mga kwalitatibong datos na karaniwan ginagamit sa lipon ng mga teksto. Ito ang paraan ng pagsusuri sa mga datos na iniuugnay-ugnay at pinagsasama-sama ang mga impormasyong magkaugnay ang tema, paksa, ideya, at daloy ng kahulugan na nauulit batay sa resulta ng pagsusuri.

## RESULTA

*Mukhang mabuti subalit mapanira – “Ang Pagbabalatkayo”*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa PDI 2016 – KE 1. Batay sa mga simbolong nakapaloob sa kartung editoryal na ito, ipinapahiwatig nito na ang pagiging sunod-sunuran ng mga politiko at kapulisan (politician and cops) sa pagbuwag sa mga kriminal na gawain (criminal activities) sa bansa ang nais na mangyari ng administrasyong Duterte. Makikita sa

imahe ng kartung editoryal na ito na nakadila ang isang lobo na kumakatawan sa mga politician and cops sa isang paa na kumakatawan sa paa ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Ang pagdila na ito ay nagpapahiwatig ng pagkampi umano nito sa administrasyong Duterte na ipinahiwatig din ng nakasulat na pariralang "KAMPI KAMI SA IYO, BOSS!" sa pagsugpo sa mga kriminal na gawain (criminal activities) sa bansa. Subalit makikita naman sa imahe ng kartung editoryal na ito ang pagyakap ng isang tupa sa katawan ng naturang lobo na sa madaling salita ay ipinapahiwatig nito ang ideyang pagbabalatkayo sa sinasabing pagkampi ng naturang mga politicians and cops sa pagsugpo sa mga kriminalidad sa bansa ng administrasyong Duterte. Ang paglitaw ng ideyang pagpapanggap bilang maamo, mabait, mabuti, at pagiging masunurin ng mga politician and cops in criminal activities na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito na makikita sa katangian ng isang tupa ay bunga ng mapagpanggap na pagsang-ayon o pagsunod ng ilang mga politiko at kapulisan sa hiling ni Pangulong Duterte kaugnay sa matapang at madugong kampanya na sinisimbolo ng baril sa paglaban at pagsugpo sa kriminalidad na karaniwang nakaugat sa mga isyu sa ilegal na droga at katiwalian sa bansa na ang pagkakasugpo nito ay ilan lamang sa mga pangunahing plataporma at adbokasiya ng administrasyong Duterte. Ngunit sa kabilang banda, ang pagkamping ito ay taliwas naman sa ilang mga pangyayaring kinasasangkutan ng ilang mga politiko at kapulisan dahil batay sa mga nangyayari sa lipunan ay sila pa mismo ang ilan sa mga lumalabag at gumagawa ng mga masasamang gawain tulad ng maraming ulat hinggil sa korapsyong kinasasangkutan ng ilang mga politiko at ang pananamantala ng ilang mga kapulisan sa programang kampanya kontra ilegal na droga at kriminalidad. Ang mga pangyayaring ito ang magpapatunay ng pagbabalatkayo bilang isang maamo, mabait, masunurin, at mabuti ngunit mapanirang katangian ng ilang mga politician and cops in criminal activities sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Ang makatutuhanan sanang pagkamping ito na hiniling ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa mga politician and cops ay bahagi lamang ng pagpapalaganap ng ilan sa mga pangunahing plataporma at adbokasiya ng administrasyong Duterte kahit noong panahon pa ng kaniyang pangangampanya. Ang mga programang ito na inilahad ng Rappler (2016) at Philippine Official Gazette (2016) ay tulad ng patuloy na mga operasyon ng mga kapulisan sa paghuli sa mga drug lord, drug pusher, at lahat ng mga gumagamit ng mga ilegal na droga sa iba't ibang panig ng bansa na ang ilan umano sa mga operasyong ito ay nauuwi pa sa malagim na patayan na kinasasangkutan ng pagbabalatkayo ng ilang mga politician and cops in criminal activities. Ayon nga sa pinakahuling tala na inilabas ng Human Rights Watch noong Enero 13, 2021, mahigit 8,000 na umano ang namamatay patungkol sa kampanya kontra ilegal na droga o War on Drugs ng administrasyong Duterte.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng kartung editoryal na ito na ang ideolohiyang pagbabalatkayo o ang pagpapanggap bilang maamo, mabait, masunurin, at mabuti ngunit mapanira ng ilang mga politician and cops in criminal activities ay bunga na rin ng mga operasyon kaugnay sa hindi matapos-tapos na mga isyu sa kampanya kontra ilegal na droga at katiwalian sa Pilipinas sa kabila ng matinding pangakong masugpo ang mga ito sa lalong madaling panahon ng administrasyong Duterte.

*Matinding kampanya kontra ilegal na droga – Isa sa mga pangakong napako*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa mga kartung editoryal na makikita sa PS 2018 – KE 7 at PDI 2018 – KE 8.

Masasalamin sa kartung editoryal na PS 2018 – KE 7 ang galit na mukha na inihahawig sa mukha ni Pangulong Duterte na isang makapangyarihan na ipinapahiwatig ng malaking kamay. Ang ideolohiyang ito ay sumasalamin sa pagbuwag umano sa nabuong industriya ng ilegal na droga sa bansa na ipinahiwatig ng nakasulat na pariralang "ILLEGAL DRUG

INDUSTRY" sa imahe ng kartung editoryal na ito. Ang isyung ito ay isa rin umano sa mga isyung nangibabaw sa SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong 2018 na nabanggit din sa ulat ni Gutierez (2018).

Kaugnay nito, masasalamin naman sa kartung editoryal na PDI 2018 – KE 8 ang pagkapako ng laban kontra ilegal na droga (War on Drugs). Makikita sa kartung editoryal na ito na hindi natumbok ng administrasyong Duterte ang adbokasiya nito na tuluyang mabuwag ang malalaking transaksyon ng ilegal na droga sa bansa. Makikita sa kabuuang imahe ng kartung editoryal na ito na hindi natumbok ng matapang na paglaban ng administrasyong Duterte na sinisimbolo ng pana ang sentro ng adbokasiya nito na laban kontra ilegal na droga (War on Drugs) na nakasulat sa din sa imahe ng kartung editoryal na ito na ipinahiwatig sa hindi pagkakatama ng mga bala ng pana sa gitna ng suklob na pumuprotekta sa malaking elepante na sumisimbolo sa malalaking tao na nauugnay sa mga isyu sa ilegal na droga sa bansa. Ang isyung ito ay binanggit din ni Gutierez (2018) na hindi rin daw nawala sa binigyang-diin ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang SONA 2018 na kung saan tinalakay din nito ang kaugnay sa sunod-sunod na pagkakapuslit ng mga ilegal na droga sa Pilipinas na nanggagaling umano sa ibang bansa na nagkakahalaga ng bilyon-bilyong piso. Ilan naman sa mga halimbawa ng patuloy na malalaking transaksyon ng ilegal na droga na nangyayari mismo sa loob ng bansa ay ang pagkakapuslit umano ng shabu na nagkakahalaga ng mahigit dalawangdaang milyong piso (Php200,000,000) sa Parańaque, Taguig noong Oktobre 15, 2020 (Bagaoisan, 2020).

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng mga kartung editoryal na ito ang patuloy pa ring mga isyu sa ilegal na droga sa bansa sa kabila ng matinding laban na masugpo ito at pangakong mabuwag ito sa loob ng anim (6) na buwan bilang isa sa mga pangunahing plataporma at adbokasiya ng administrasyong Duterte.

*Talamak na paglabag sa karapatang pantao, matinding isyu ng lipunang Pilipino*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa mga kartung editoryal na makikita sa PS 2017 – KE 5. Ipinapahiwatig ng kabuuang imahe ng kartung editoryal ang pangunahing isyu hinggil sa talamak umanong paglabag sa karapatang pantao (human rights violation) na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito ng ilang mga Pilipino sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Gamit ang simbolong teleskopyo, ipinapahiwatig dito na nagsasagawa ng pag-uusisa o imbestigasyon ang ibang mga bansa na ipinahiwatig sa pamamagitan ng nakasulat na pariralang "other countries" sa mga usapin katulad ng nakasulat din na mga titik na "EJK" o Extra Judicial Killing na nangyayari umano sa Pilipinas na naglalagay sa madilim na kinabukasan ng ilang mga Pilipino na makikita sa kabuuang imahe ng kartung editoryal na ito.

Ayon sa Human Rights Watch (2017), ang paglabag umano sa mga karapatang pantao na ito ay bunga raw ng programang "War on Drugs" ng administrasyong Duterte. Kung kaya, ito umano ang nagtulak sa Commission on Human Rights (CHR) upang paimbistigahan ito sa ibang bansa. Kaugnay nito, ayon umano sa pahayag ng Commission on Human Rights na binanggit din ng Human Rights Watch (2017) na makalipas ang tatlong taon ng administrasyong Duterte ay nailarawan umano ang talamak na kamatayan at pagsawalang bahala sa mga karapatang pantao ng mga Pilipino na ugat umano ng kampanya kontra ilegal na droga. Dahil dito, hindi lang umano buhay ang nawasak ng administrasyong Duterte sa kampanyang ito kundi pati na rin umano ang kabuhayan, edukasyon, at kalusugang pangkaisipan pa raw ng mga pamilyang nakaranas nito.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng kartung editoryal na ito na ang matinding isyu sa karapatang pantao ay talamak sa lipunang Pilipino sa ilalim ng administrasyong Duterte.

*Mga katiwalian sa pamahalaan, taong-bayan ang nasasagasaan*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na makikita sa PDI 2017 – KE 5.

Masasalamin sa kartung editoryal na PDI 2017 – KE 5 ang maaaring maging isyu sa programa ng administrasyong Duterte na "Build, Build, Build Program" na nakasulat sa isang papel na makikita sa imahe ng kartung editoryal na ito. Ang programang ito ay isa rin sa mga ipinagmalaki ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong SONA 2017 na naglalayon umanong makapagpatayo ng maraming imprastraktura sa buong bansa. Makikita sa kartung editoryal na ito ang maaaring paglobo umano ng presyo ng mga bilihin tulad ng semento na sinisimbolo ng lumubong lobo na itatakda ng Department of Trade and Industry (DTI) na inilalarawan din sa kartung editoryal na ito na makitid ang utak dahil sa karikaturang maliit na ulo at pagiging sakim at matakaw dahil sa karikaturang malaki ang bunganga.

Kaugnay sa programang Build, Build, Build Program ng administrasyong Duterte, inilahad ni Ayalin (2020) sa kaniyang ulat ang nangyayaring talamak umanong mga korapsyon sa ahensyang Department of Public Works and Highways (DPWH) na isa sa mga ahensyang namamahala sa nasabing programa. Ayon sa ulat na ito, binantaan umano ni Pangulong Duterte ang nasabing ahensya dahil sa talamak umanong korapsyon na nangyayari dito kung saan ay bilyon-bilyong pondo raw ng gobyerno ang nawawala para sa mga proyektong pang-imprastraktura. Isa rin sa indikasyon umano ng pagkakaroon ng korapsyon sa programang ito ay ang talamak din umanong overpricing sa mga materyales na kung saan nasasangkot ang Department of Trade and Industry (DTI). Ngunit sa kabila ng isyung ito ay wala pang ulat hinggil sa pagbanat ng pangulo sa ahensyang ito na marahil ito ang dahilan ng malaking pagngisi ng kumakatawang mukha sa ahensyang ito na makikita sa kabuuang imahe ng kartung editoryal na ito.

Sa madaling salita, ang kartung editoryal na ito ang magpapatunay na hindi pa rin nalulutas ang isyu ng katiwalian sa Pilipinas sa kabila ng matindi at matapang na babala na masugpo ito ng administrasyong Duterte.

*Kriminalidad: Isa sa mga ugat ng kahirapan sa Pilipinas*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na PDI 2016 – KE 2. Ipinapakita sa kartung editoryal na ito ang talamak na kriminalidad (rampant criminality) na patuloy na nangyayari sa bansa ang isa sa mga ugat ng nagpapatuloy at tumitinding kahirapang nararanasan ng mga Pilipino. Ipinapahiwatig sa kartung editoryal na ito ang ideya kaugnay sa matapang na laban ng administrasyong Duterte na wasakin ang talamak na kriminalidad (rampant criminality) sa bansa na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito. Makikita dito ang paggamit ng administrasyong Duterte ng mga dahas bilang instrumento sa nagpapatuloy na kampanya kontra kriminalidad sa bansa. Gamit ang simbolo ng matanda at bulok na puno, malinaw na ipinapahiwatig sa kartung editoryal na ito na ang talamak na mga kriminalidad ang ugat umano ng matagal nang kahirapan (poverty) sa bansa na nakasulat din sa imahe ng kartung editoryal na ito. Ipinapahiwatig din sa kartung editoryal na ito na ang layunin ng pagkakasugpo ng mga nangyayaring kriminalidad bilang isa sa mga ugat ng kahirapan sa bansa ay upang hindi na ito maranasan ng mga bagong henerasyon bilang yaman ng bayan na ipinapahiwatig ng bagong tubo na halaman.

Sa kabila naman ng matapang na kampanya ng administrasyong Duterte ay patuloy pa rin ang paglabas ng mga ulat hinggil sa kabi-kabilang nangyayaring iba't ibang uri ng kriminalidad sa bansa. Halimbawa na lamang nito ay ang mga naiuulat umanong mga extrajudicial killings sa iba't ibang panig ng bansa na sinasabi ng Human Rights Watch na ugat din umano ng kampanya kontra ilegal na droga ng administrasyong Duterte.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng kartung editoryal na ito ang patuloy na isyu sa talamak na mga kriminalidad na nangyayari sa Pilipinas sa kabila ng matinding pangakong masugpo ito bilang isa sa mga pangunahing adbokasiya ng administrasyong Duterte.

*Agawan sa teritoryo, panganib sa buhay ng mga Pilipino*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na makikita sa PS 2018 – KE 6.

Kung titingnan ang kabuuang imahe ng kartung editoryal na PS 2018 – KE 6, sinasalamin nito ang malaking epekto ng isyu sa agawan sa teritoryo sa West Philippine Sea sa buhay ng mga Pilipino. Ipinapahiwatig ng kartung editoryal na ito ang pagkaudlot ng pangarap na sinisimbolo ng putol na tali ng mga Pilipino na sinisimbolo ng taong nakasuot ng salakot na magkaroon ng magandang hanap-buhay partikular na sa mga mangingisda dulot ng maraming isyu o myriad issues na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito na kung saan ang mga isyung ito ang maglalagay sa mahirap at delikadong buhay na sinisimbolo ng pampang o pangpang. Ang mga isyung ito ay nag-ugat sa agawan sa teritoryo sa West Philippine Sea sa pagitan ng Pilipinas at Tsina na isa sa mga isyung tampok sa SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong 2018. Nabanggit nga sa ulat ni Gutierez (2018) na kung minsan ay nauuwi pa raw sa karahasan sa ibabaw ng karagatan ang isyung ito na hanggang ngayon ay hindi pa rin nabibigyan nang malinaw na pagresolba ng administrasyong Duterte.

Kaugnay nito, ang usaping ito ay patuloy pa ring nagpapainit sa nilalaman ng mga balita hanggang sa kasalukuyan hinggil sa patuloy pa rin umanong panggugulo ng ilang mga Tsino sa mga Pilipinong naglalaot sa naturang karagatan. Sa katanuyan, ayon sa ulat ni Zambrano (2021) ay patuloy raw na ginugulo at hinahabol ng mga barko ng China ang mga bangka ng mga Pilipinong mangingisda na lumalaot sa nasabing karagatan kahit pa may desisyon na ang Permanenteng Hukuman ng Arbitrasyon na magpapatunay na pagmamay-ari ng Pilipinas ang naturang karagatan.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng mga kartung editoryal na ito ang hindi pa rin nareresolbang isyu sa agawan sa teritoryo sa pagitan ng Pilipinas at Tsina na maaaring magdulot ng malaking kaguluhan at isyu sa pamumuhay ng mga Pilipino ng administrasyong Duterte.

*Hindi matapos-tapos na digmaan, ugat ng pagdurusa ng mga mamamayan*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na makikita sa PS 2019 – KE 11.

Masasalamin sa kartung editoryal na PS 2019 – KE 11 ang labis na paghihirap at pagdurusa ng mga Pilipino na ipinahiwatig sa pagpasan ng tao ng tanke de giera na inilalarawang isang Pilipino bunga ng matinding giyerang patuloy na naranasan sa ilang panig ng bansa partikular na sa Mindanao na binanggit sa imahe ng kartung editoryal na ito. Halimbawa na lamang nito ay ang patuloy pa ring nararanasang mga kaguluhan sa ilang mga lugar sa Mindanao tulad ng naranasang matinding giyera sa siyudad ng Marawi na nagsimula noong Mayo 23, 2017 na hanggang ngayon ay hindi pa rin tuluyang nakabangon ang maraming residente roon at ang siyudad sa kabuuan.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng mga kartung editoryal na ito ang patuloy pa ring isyu ng kapayapaan sa Pilipinas sa kabila ng matinding pangakong masugpo ito ng administrasyong Duterte.

*Patuloy na paglobo ng populasyon, magiging ugat ng pahirapang pag-ahon*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na PDI 2017 – KE 3. Batay sa kahulugan ng mga simbolong nakapaloob sa kartung editoryal na ito, masasalamin na malaking hadlang o bagabag na sinisimbolo ng malalaking alon sa pagkakaroon nang maayos na pagpaplanong pampamilya (family planning) ang inilabas na Temporary Restraining Order (TRO) ng Korte Suprema para sa Reproductive Health Law na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito. Ang usaping ito ay binanggit din ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang SONA 2017 na umabot umano sa milyon-milyong halaga ng gamot ang hindi nagamit dahil sa TRO na ito na sinisimbolo ng tasa na may nakasulat na mga titik na "RH TRO". Masasalamin din sa kartung editoryal na ito na ang TRO na ito ang magiging dahilan sa pagtaas ng populasyon ng Pilipinas na magiging hadlang sa pag-unlad ng bansa na ipinapahiwatig ng simbolo ng malalaking alon at magiging dahilan sa mahirap na daloy ng buhay ng mga Pilipino na ipinapahiwatig ng simbolo ng bangkang nakalaot sa karagatang puno ng malalaking alon. Sa katanuyan, ayon sa bagong tala ng woldometer ay umabot na sa 110,859,258 ang kasalukuyang populasyon ng Pilipinas na maituturing na umanong isang over-populated country ang bansa na siguradong magiging dahilan ng patuloy na nararanasang hirap ng maraming mamamayang Pilipino. Dagdag pa rito, batay sa pinakahuling datos na inilabas ng Commission on Population (POPCOM) na sinipi sa ulat ni Bosano (2019) ay posible umanong lumubo ng 2 milyon ang populasyon ng Pilipinas bawat taon na nagbabantang magpapalala umano sa kahirapang patuloy na nararanasan ng maraming Pilipino.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng kartung editoryal na ito ang nagpapatuloy na isyu sa paglobo ng populasyon ng Pilipinas na isa sa mga suliraning hindi pa rin nasusulosyunan ng administrasyong Duterte.

*Matinding kahirapan sa Pilipinas, maraming Pilipino ang patuloy na dumadanas*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa kartung editoryal na PDI 2019 – KE 9 at PS 2019 – KE 10.

Batay sa mga simbolong nakapaloob sa kartung editoryal na PDI 2019 – KE 9, malinaw na sinasalamin nito ang tungkol sa nagpapatuloy at tumitinding isyu ng kahirapan sa Pilipinas. Kahit noong panahon pa ng pangangampanya ni Pangulong Duterte, ang simbolong suntok ay lumaganap na upang ipahiwatig ang simbolismo ng paglaban. Subalit makalipas ang tatlong taon ng administrasyong ito ay makikita sa kartung editoryal na ito ang kahirapan at delikadong estado ng buhay sa sinisimbolo ng patpat ng mga Pilipino na sinisimbolo naman ng taong nakasuot ng salakot. Ayon nga sa paglalarawan ng lathalaing Ibon (2019), ang kalahating termino umano ng administrasyong Duterte ay mailalarawan bilang "Ang sumasahol na Bayan". Ito ay dahil umano ng iba't ibang isyu na kinasasangkutan ng bansa na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin umano nasusolusyunan palibhasa ay lumalala pa nga raw. Halimbawa na lamang umano nito ay ang bumabagal na takbo ng ekonomiya ng bansa at ang tuloy-tuloy na pagkasalanta ng kabuhayan ng mamamayan dahilan sa mahirap na pag-angat ng maraming Pilipino na sinisimbolo ng pahirapan at delikadong pag-akyat ng mga inilalarawang Pilipino sa imahe ng kartung editoryal na ito. Ito raw ang ilan lamang sa mga dahilan kung bakit lalo umanong sumasahol ang kalagayang pangkabuhayan na maglalagay umano sa matinding paghihirap ng mamamayang Pilipino.

Kaugnay ng isyung ito, masasalalamin naman sa kartung editoryal na PS 2019 – KE 10 ang mga hiling o wishlist na nakasulat sa imahe ng kartung editoryal na ito ng mga ordinaryong mga Pilipino na ipinahiwatig gamit ang simbolo ng taong nakasuot ng salakot sa administrasyong Duterte noong SONA 2019. Ang hiling na ito ay mabigyan ng tugon ang patuloy na problema sa labis na kahirapan at kagutuman na ipinahiwatig gamit ang mga

simbolong buto ng isda at gulanit na damit ni Juan dela Cruz. Ayon nga sa ulat nina Elchico, et al., (2019), ang hindi matapos-tapos na isyu sa kahirapan ay isa rin umano sa mga isyung nangibabaw sa SONA 2019 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na isa rin umano sa mga ipinapahayag ng mga grupong nagpoprotesta. Sa katunayan, batay sa pinakahuling datos na inilabas ng Social Weather Stations (SWS) noong huling kwarter ng taong 2018 ay umabot na umano sa 12.2 milyong pamilyang Pilipino at tinatayang tumaas pa sa kasalukuyan ang nagsabing sila ay mahirap.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng mga kartung editoryal na ito ang lumalalang kahirapan na patuloy na nararanasan ng mga Pilipino sa ilalim ng administrasyong Duterte.

*Pandemyang Covid-19, patuloy na nagpapahirap sa mga mamamayan at lipunan*

Ang ideolohiyang ito ay masasalamin sa mga kartung editoryal na makikita sa PDI 2020 – KE 13, PS 2020 – KE 14, at PDI 2020 – KE 12.

Ang kartung editoryal na PDI 2020 – KE 18 ay sumasalamin sa mga ideyang patungkol sa mga usapin hinggil sa pandemyang kasalukuyang nararanasan ng buong mundo dulot ng nakahahawa at nakamamatay na mikrobyong covid-19. Makikita rito na sinisimbolo ng mahabang papel ang mahabang talumpati ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang SONA 2020 na isang pormal na okasyon na sinisimbolo ng lectern. Sa mahabang talumpati na ito ay makikitang may hinahanap o binubusising mga mahahalagang impormasyon na sinisimbolo ng lente ang mga Pilipino na sinisimbolo ng taong nakasuot ng salakot. Ang ideyang ito ay nag-ugat matapos maglabas ng hinaing ang maraming Pilipino hinggil sa kawalan umano ng pagtalakay ni Pangulong Duterte sa kaniyang talumpati tungkol sa malinaw na plano ng kaniyang administrasyon kung papaano masusolusyunan ang lumalalang pandemyang kinakaharap ng mamamayang Pilipino dulot ng nakahahawa at nakamamatay na mikrobyong covid-19 na sinasabing ito ang mga impormasyong hinanap ng mga Pilipino sa mahabang talumpati ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong SONA 2020. Ang ideolohiyang ito ay pinatunayan nina Capulong, et al. (2020) sa kanilang ulat na pinuna nga raw ng ilang grupo ang nilalaman ng ikalimang SONA ni Pangulong Duterte dahil sa kakulangan umano sa pagtalakay kung paano nga raw matutugunan ng administrasyon ang lumalalang pandemyang kasalukuyang nararanasan dulot ng mikrobyong covid-19 na pinakamabigat umanong isyu ng bansa simula pa noong unang kwarter ng taong 2020.

Sa kartung editoryal naman na PS 2020 – KE 14, sinasalamin din ng simbolong palaso na wala ang kabilang ulo ang isyu sa kawalan umano nang malinaw na direksyon ng plano ng administrasyong Duterte sa pagtugon sa pandemyang dulot ng covid-19. Ang pandemyang ito ang sanhi umano ng matinding kahirapan sa buhay ng mamamayang Pilipino na ipinahiwatig gamit ang simbolo ng taong nakasuot ng salakot na nagkasakit dahil sa nakahahawa at nakamamatay na mikrobyong covid-19 na sinisimbolo ng tangke ng oksiheno. Sa kasalukuyan, ayon sa pinakabagong tala ng Department of Health (2021) ay umaabot na sa kabuuang bilang na 1,118,359 na kaso ng nagkasakit at patuloy pang tumataas ang bilang na ito sa Pilipinas. Kaya naman, patuloy pa ring nangangamba at umaalma ang mamamayang Pilipino kung ano nga ba ang malinaw na hakbang ng administrasyong Duterte sa pagharap sa lumalalang pandemyang ito na dulot ng mikrobyong covid-19.

Masasalamin naman sa kartung editoryal na PDI 2020 – KE 12 ang kasalukuyang nararanasan ng maraming Pilipino na nawalan ng mga trabaho na isa sa mga mabigat at matinding epekto ng pandemyang dulot ng covid-19. Ang pagkawala ng trabaho hindi lamang ng ilang mga Pilipino kundi pati na rin ng karamihan sa buong mundo ay bunga ng pagsasara ng maraming mga kompanya at mga opisina dahil sa nakahahawa at nakamamatay na mikrobyong covid-19. Ayon sa huling datos sa huling kwarter ng taong 2020 na inilabas ni

Labor Secretary Bello (2020) ay umaabot na umano sa 3.3 milyon at patuloy pang tumataas ang bilang ng mga Pilipino na nawalan ng trabaho dulot ng pandemyang covid-19.

Dahil dito, malinaw na sinasalamin ng mga kartung editoryal na ito ang mapait na kalagayan ng mga Pilipino sa pagharap sa lumalalang pandemya na dulot ng nakahahawa at nakamamatay na mikrobyong covid-19 na sinasabing walang malinaw na pagtugon ang administrasyong Duterte.

DISKUSYON

*Mga ideolohiyang masasalamin*

Lumabas sa resulta ng pagsusuri na ang mga pangunahing ideolohiyang masasalamin sa ginamit na mga kartung editoryal ay karaniwang patungkol sa mga isyung panlipunan tulad ng isyu sa ilegal na droga, krimen, katiwalian, isyu sa kapayapaan, kahirapan at mababang estado ng pamumuhay ng mga Pilipino, agawan sa teritoryo, isyu sa tiwala (trust issue) ng mamamayang Pilipino sa administrasyong Duterte at isyu sa pandemyang dulot ng covid-19.

TALASANGGUNIAN

Ayalin, A. (2020). Task force binuo para tumutok sa umano'y katiwalian sa DPWH. ABS-CBN News Center, Manila, Philippines. Retrieved May 13, 2021 from https://www.google.com/amp/s/news.abs-cbn.com/amp/news/10/20/20/task-force-binuo-para-tumutok-sa-umanoy-katiwalian-sa-dpwh

Bagaoisan, A. (2020). Higit P200-M halaga ng shabu nasabat sa Paraňaque, Taguig. ABS-CBN News Center, Manila, Philippines. Retrieved May 13, 2021 from https://www.google.com/amp/s/news.abs-cbn.com/amp/news/10/15/20/higit-p200-m-halaga-ng-shabu-nasabat-sa-paraaque-taguig

Bosano, R. (2019). Bilang ng mga mahihirap tataas pa sa paglobo ng populasyon. ABS-CBN News Online. Retrieved May 13, 2021 from https://www.google.com/amp/s/news.abs-cbn.com/amp/news/03/28/19/bilang-ng-mga-mahihirap-tataas-pa-sa-paglobo-ng-populasyon

Cana, R. (2012). Editorial Cartooning, TST JournSem. San Ildefonso, Bulacan, Philippines. Retrieved November 05, 2020, from https://www.slideshare.net/mobile/ronelcana/editorial-cartooning-14311021

Capulong, R., Mercado, A. Cruz, R. (2020). #SONA2020: Kakulangan umano ng plano ni Duterte kontra pandemya, pinuna. ABS-CBN News Center, Manila, Philippines. Retieved November 09, 2020 from https://www.google.com/amp/s/news.abscbn.com/amp/news/07/28/20/sona2020-kakulangan-umano-ng-plano-ni-duterte-kontra-pandemya-pinuna

Caulfield, J. (2020). How to do thematic analysis. Retrieved May 28, 2021 from https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis/

Elchico, A., Gutierez, P., Bernardo, J. (2019). Duterte tinulak ang death penalty, tiinalakay ang West PH Sea sa SONA 2019. ABS-CBN News Center, Manila, Philippines. Retrieved November 10, 2020 from https://www.google.com/amp/news.abs-cbn/amp/news/07/22/19/duterte tinulak-ang-death-penalty-tinalakay-ang-west-ph-sea-sa-sona-2019

Gutierez, P. (2018). Balikan: Mga Isyung Tampok sa SONA 2018 ni Duterte. ABS-CBN TV Patrol News Center, Manila, Philippines. Retrieved November 08, 2020 from https://news.abs-cbn.com/news/07/23/18/balikan-mga-isyung-tampok-sa-sona2018-ni-duterte

Human Rights Watch (2017). Philippines: No Let up in 'Drug War' Killings. 350 Fifth Avenue, 34th floor, New York City. Retrieved May 11, 2021 from https://www.hrw.org/news/2020/01/14/philippines-no-letup-drug-war-killings

Ibon (2019). Tatlong Taon ni Duterte: Ang Sumasahol na Kalagayan. 114 Timog Avenue, Quezon City, 1103 Philippines. Retrieved from https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.ibon.org/wp-content/uploads/2019/08/2019-Midyear-Praymer_Tatlong-Taon-ni-Duterte-Sumasahol-na-Kalagayan.pdf&ved=2ahUKEwi7x-Xom4HtAhURBZQKHaRrBZAQFjACegQIBRAB&usg=AOvVaw0icjIzlhdp3MeNKqONhZpN

Lanir, L. (2019). Ferdinand de Saussure: The Linguistic Unit – Sign, Signified and Signifier Explained. Retrieved January 13, 2021 from https://medium.com/@llanirfreelance/ferdinand-de-saussure-the-linguistic-unit-sign-signified-and-signifier-explained-a7e361b5a2f3

Philippine Official Gazette (2016). The 2016 State of the Nation Address (Filipino). Malacanang Palace, Metro Manila, Philippines. Retrieved November 08, 2020, from https://www.officialgazette.gov.ph/2016/08/15/the-2016-state-of-the-nation-address-filipino/

Rappler (2016). Talumpati sa Panunumpa ni Pangulong Rodrigo Duterte. Retrieved January 02, 2020 from https://www.rappler.com/nation/duterte-inaugural-speech-filipino-translation

Social Weather Stations (2018). Nasa 12.2 milyong pamilyang Pinoy naniniwalang 'mahirap' sila: survey. ABS-CBN News Online. Retrieved May 13, 2021 from https://news.abs-cbn.com/news/10/10/18/nasa-122-milyong-pamilyang-pinoy-naniniwalang-mahirap-sila-survey

Zambrano, C. (2021). Civilian boat na may sakay na news team sa West PH Sea hinabol ng Chinese vessels. ABS-CBN News Center, Manila, Philippines. Retrieved May 09, 2021 from https://news.abs-cbn.com/video/news/04/08/21/civilian-boat-news-team-west-ph-sea-chinese-vessels